
## ANONG BATAS ANG NAGSASABI NA ISANG KRIMEN ANG OSAEC?

Ang **Republic Act No. 11930**, na kilala rin bilang **Anti-Online Sexual Abuse or Exploitation of Children (OSAEC) and Anti-Child Sexual Abuse or Exploitation Materials (CSAEM) Act** ay isang batas na naglalayong sugpuin ang online na pang-aabuso o pananamantala sa mga bata na may kaugnayan sa sekswalidad.

*Tandaan, may nagmamasid sa mga kababalaghan na ginagawa ng mga salarin!*



## ANO ANG PARUSA SA MGA LALABAG SA RA11930?

Ang mga parusa ay depende sa uri ng paglabag at ang lawak ng krimen.

**Pangunahing Parusa:** Ang mga nagpapakalat, nagpapalaganap, nagpapagamit, o nag-aaccess ng mga materyal na may kaugnayan sa pang-aabuso sa mga bata ay maaaring makulong nang hindi bababa sa 20 taon hanggang sa habang-buhay. Kaya huwag gawin dahil hindi biro ang parusa! Sisira lang ito sa buhay ng isang tao!

**Syndicated at Large-Scale Violations:** Kung ang paglabag ay isinagawa ng isang grupo ng tatlo o higit pang tao, o kung ang paglabag ay nakaapekto sa tatlo o higit pang biktima, ito ay itinuturing na isang malubhang krimen at may mas mahigpit na parusa.

**Pagsasagawa ng mga Gawaing may Kaugnayan sa Pang-aabuso:** Ang mga gawaing tulad ng paggawa, pagpapakalat, pag-aari, at pag-access ng mga materyal na may kaugnayan sa mga bata ay may mga parusang kriminal na maaaring magdulot ng habang-buhay na pagkakakulong.

DCU

## MGA NUMERONG PWEDENG TAWAGAN:



**CWC - Makabata Help Hotline**
1383 — Smart: 09193541383, Globe: 09158022375

**IACAT**
8527-2363, 8525-2131

**DSWD - RRPTP**
8931-9141

**PNP - ACG**
8723-0401 ext. 7494

**PNP – Aleng Pulis**
0966-7255961, 0919-7777377

**PNP Patrol**
911

**NNC – OSAEC/CSAEM**
8524-8939

**Actionline Against Human Trafficking**
1343

**Barangay Tuktukan**
8275-0957, 8354-1107, 8789-3200, 09175503727

**Barangay 718**
09053214277, 09091301403


Hindi totoo na walang masamang na-idudulot ang OSAEC dahil sa pag-aakalang wala naman itong direktang pisikal na ugnayan sa mga salarin (karamihan ay banyaga). Ito ay isang maling pag-unawa. Ang epekto ng OSAEC ay panghabang buhay.



Tandaan, malalaman at malalaman din ang mga masamang gawain ng mga perpetrator o salarin. Maliban sa panginoon, may nagmamasid din upang malaman ang mga kababalaghan! Bago pa huli ang lahat, sugpuin na ang OSAEC.

**End OSAEC Now PH**
www.facebook.com/endosaecnow.ph

# ANG OSAEC AY ISANG KRIMEN!



MAHALAGA ANG TUNGKULIN NG BAWAT ISA SA PAGSUGPO NG **ONLINE SEXUAL ABUSE OR EXPLOITATION OF CHILDREN (OSAEC).**

Alamin ang mga detalye. →


End OSAEC

## FIRST TIME MO BANG NARINIG ITO? ALAM MO BA ANG OSAEC?

Ang **OSAEC** o **Online Sexual Abuse or Exploitation of Children** ay ang paggamit ng mga teknolohiyang pangkomunikasyon o ICT tulad ng cellphone bilang paraan upang abusuhin o mapasailalim sa pang-aabuso ang mga bata sa paraang seksuwal.

## ANO NAMAN ANG CSAEM?

Ang **CSAEM**, o **Child Sexual Abuse or Exploitation Materials**, ay tumutukoy sa anumang representasyon, sa pamamagitan ng visual, video, audio, o nakasulat na materyal, na nagpapakita ng pagsasamantala o pag-aabuso sa mga bata.




## ANO-ANO ANG MGA HALIMBAWA NG OSAEC? ALAMIN ANG MGA ITO PARA MAIWASAN!

1. **Paggawa, Pagpapakalat, at Pag-aari ng Child Sexual Abuse or Exploitation Materials (CSAEM)** tulad ng mga larawan o video ng bata na maselan.
2. **Online Grooming:** Ito ay ang paraan na mapapaniwala ang bata na hindi masama ang pagbabahagi ng maselan na larawan bagkus nakakatulong pa ito sa pamilya.
3. **Sextortion:** Ito ay isang uri ng pangingikil kung saan ang bata ay pinipilit na gumawa ng mga gawaing maselan at kung lalabag ay tatakutin siyang isasapubliko ang mga larawan o video na nakuha na dati.
4. **Live-Streaming:** Ang bata ay pinipilit na gumawa ng mga gawaing seksuwal sa harap ng kamera na mapapanood na "live" nga mga salarin.
5. **Komersyal na Pang-Aabuso ng mga Bata:** Ito ay kung saan ang bata ay pinipilit na gumawa ng mga gawaing seksuwal na irerekord upang maebenta sa mga salarin.

## ANO ANG POSIBLENG EPEKTO NG OSAEC SA BUHAY NG ISANG BATA?

- **Emosyonal na Trauma:** Ang mga biktima ay maaaring makaranas ng trauma at iba't ibang uri ng problema na may kinalaman sa damdamin.
- **Pangmatagalang Epekto sa Pagkatao:** Ang mga biktima ay maaaring magkaroon ng mga isyu sa pagtingin sa sarili, at maaaring magdulot ng mga problema sa relasyon at pagtitiwala sa ibang tao.
- **Pisikal na Pinsala:** Sa ilang kaso, ang mga biktima ay maaaring makaranas ng pisikal na pinsala, lalo na kung ang pang-aabuso ay naging pisikal.
- **Pag-iwas sa mga Aktibidad:** Ang mga biktima ay maaaring umiwas sa mga aktibidad o lugar na may kaugnayan sa pang-aabuso, na maaaring magdulot ng mga limitasyon sa kanilang pang-araw-araw na buhay.
- **Paggamit ng Ipinagbabawal na Gamot at Pagpapakamatay:** Ang mga biktima ay maaaring makaranas ng mga isyu sa kalusugan ng isip, tulad ng pagkalulong sa mga ipinagbabawal na gamot at pag-iisip ng pagpapakamatay.
- **Pagkasira ng Pamilya:** Dito sa Pilipinas, karamihan ng mga facilitator ng OSAEC ay mga miyembro din ng pamilya. May mga magulang na nasa kulungan na dahil nakitaan ng ebidensya na gumawa ng mga gawaing OSAEC. Dahil sa OSAEC, may mga pamilyang nagkahiwa-hiwalay.

*Wala ng ibang magbibigay ng proteksyon sa bata kung hindi ang kanyang mga ka-ugnayan sa buhay.*



## ANO ANG PWEDENG GAWIN NG ISANG BATA KUNG NANGYAYARI ANG OSAEC SA KANYA?

- **Humingi ng Tulong:** Humingi ng tulong sa mga pinagkakatiwalaang mga tao, tulad ng mga magulang, guro, o iba pang mga autoridad.
- **Iulat ang Insidente:** Dapat iulat ang mga insidente sa mga autoridad, tulad ng pulis o mga ahensiya ng gobyerno na nakatuon sa pagprotekta sa mga bata.
- **Tumanggap ng Suporta:** Humingi ng suporta mula sa gobyerno at mga organisasyon na tumutulong. Kasama dito ang mga serbisyo sa pagpapayo, libreng legal na tulong, at iba pang mga suporta na inaalok ng DSWD at iba pang mga ahensya.
- **Kausapin ang Pamilya:** Maigi ring kausapin ang mga miyembro ng pamilya sa mga pangyayari upang mas matulungan ang bata.